

Para sa mga Magulang

「Bagong Pamamaraan ng Buhay Eskwela」 ay sisimulan. Hinihiling po ang pang unawa at Pakikiisa ng lahat.

[Mga Pamamaraan base sa Hygiene Management Manual na isasagawa sa Eskwelahan
~Bagong Pamamaraan sa Buhay Eskwela~ (2020.5.22Ver.1)] mula sa
(Ministry of Education,,Culture, Sports, Science and Technology

Hinggil sa COVID 19, marami pang mga bagay na hindi pa napapatunayan, kagaya ng pagkakaroon ng epektibong bakuna. Kaya tayo po ay mananatiling mamuhay nang matagal sa loob ng Pandemya. At dahilan sa hindi natin masisiguro ang ating kaligtasan sa pagkahawa, isasagawa ang Bagong Pamamaraan sa Buhay Eskwela para sa kaligtasan ng mga estudyante. Mahigpit na isasagawa ang pag iwaw sa 3 C upang kahit paunti unti ay mabawasan ang panganib na magkahawahan.

Mga Puntos ng 「Bagong Pamamaraan sa Buhay Eskwela」

Mga Pangunahing Pamamaraan

- Paghuugas ng kamay** ugaliing madalas sa pamamagitan ng tubig at sabon, gawin sa loob ng (30 Segundo).
- Facemask** , ang lahat ng estudyante at mga guro ay palaging magsuot nito. 。
※Maaaring ang Edukasyong Pang Pisikal ay gagawin sa labas upang maiwasan ang Heat Stroke.
- Bentilasyon**, ay kailangang gawing madalas ※Panatiliing tama ang temperetura sa loob ng silid aralan
- Pagdidisimpekta**, gawin nang mahigit 1 beses sa 1 araw. Punasan ng alcohol ang mga bagay at lugar na nahahawakan. 。
- Distansyang Pisikal** (pwesto ng upuan) ay panatiliing nasa 1~2 metro.
- Kung may lagnat, **o sintomas ng sipon, manatili at magpagaling sa loob ng tahanan.**
※sa ganitong sitwasyon 「Pinapayagan ng Prinsipal na huwag pumasok」 .

【Mga Mahalagang bagay na kailangang dalhin ng bawat isa】

Malinis na panyo · tissue, facemask, malinis na tela o plastic upang paglagyan ng facemask.

Pag aaral ukol sa Impeksyon

Wastong kaalaman at pagkakaintindi ng mga estudyante ukol sa Impeksyon ng COVID 19

- Pagtuturo ng mga bagay upang **maiwasan ang panganib ng impeksyon.**
- Pagtuturo ng huwag magkaroon ng **Diskriminasyon at pagkiling.**

Desisyonsa pansamantalang pagsasara

- Kung ang estudyante na nagkaroon ng impeksyon, **ito ay hindi papasukin sa eskwelahan.**
※Para sa detalye, basahin ang impormasyon na nasa likurang pahina.
- Kung nagbigay ng payo ang Health Center ukol sa Sitwasyon ng Eskwelahan at impeksyon sa lokal na lugar ukolsa **antas ng pangangailangan ng pansamantalang pagsasara (bawat klase, bawat baitang, buong eskwelahan) ay magiging batayan** ng desisyon.

Kung may alalahanin ukol sa Buhay Eskwela, humingi ng payo mula sa sariling Eskwelahan o sa Support Center

※ 「Kodomo Soudan Shien Center」 ☎:0120-3882-56 (Libre nang 24 oras)

E-mail:doken-sodan@hokkaido-c.ed.jp